

# 1

Nasa memorial park si Lindsay, sa harap ng puntod ng kanyang ama. Umiiyak siya subalit matigas ang anyo. Kadarating lang niya buhat sa Los Angeles, California kung saan siya nanirahan nang walong taon. Kay tagal niyang ninais na umuwi ng Pilipinas at hindi isang libingan ang inaasahan niyang unang pupuntahan sa kanyang pagbabalik.

At lalong hindi niya inaasahan na ang maabutan ay ang puntod na lang ng kinasasabikang ama. Akala niya, matapos ang maraming taong pangungulila ay muli na niyang mararamdaman ang maiinit nitong yakap, ang pagmamahal at kalinga nito.

Marami siyang gustong sabihin sa ama. Maraming bagay ang gusto niyang gawin para rito, mga gawain at tungkulin ng isang anak sa magulang na hindi niya nagampanan dahil sa pagkakalayo nila. Gusto niya itong pagsilbihan, gusto niyang paglambingan. Subalit paano pa mangyayari iyon?

Napalitan ang lungkot sa anyo ng dalaga nang dumako ang isip niya sa dahilan ng pagkamatay ng ama. Galit ang rumehistro sa kanyang mukha. At doon mismo sa puntod ng ama, ipinangangako niyang ipaghihiganti niya ito sa mga taong nanloko at umapi rito, at siya ring naging dahilan ng maaga nitong pagkawala.

Magbabayad sa kanya ang mga Castillo!

Naputol ang pag-iisip ni Lindsay nang maramdaman ang mahinang tapik sa kanyang balikat. Bahagya siyang pumihit.

“Hija, halika nang umuwi. Papagabi na.”

“Sandali lang, Lolo,” sagot niya at muling humarap sa puntod ng ama. *Papa, hindi man tayo nabigyan ng pagkakataong magkasama muli, I promise you na palagi ko kayong dadalawin dito. At ipinangangako ko rin na gagawin ko ang lahat para pagbayarin ang mga taong nanloko sa inyo. Nangangako ako!*

“Lindsay, Hija, halika na sa kotse at umaambon na. Hayaan mo na ang iyong papa; tahimik na siya,” muling yaya ng lolo niya.

Tumango siya habang nagpupunas ng luha. Sumunod siya rito pabalik sa kotseng naghihintay sa kanila. Nandoon na sa loob ang kanyang lola.

Habang umaandar ang sasakyan ay tahimik at malalim siyang nag-iisip. Hindi naman siya tinangkang kausapin ng kanyang lolo at lola na nakakaunawa sa damdamin niya. Ang mga ito ang kasama niyang bumalik sa Pilipinas. Ang mga ito at ilang mga pinsan ang kasama niya sa paninirahan sa ibang bansa.

Twelve years old lang noon si Lindsay nang mamatay sa heart attack ang kanyang mama. Matapos itong mailibing ay kinuha siya ng kanyang lolo at lola sa poder ng kanyang ama. Tutol noon ang mga ito sa ama niya dahil mahirap lang ito. Anak

ang kanyang papa ng dating labandera ng lolo at lola niya.

Nang mamatay ang kanyang mama at nais siyang kuhanin ng mga magulang nito ay pumayag din ang ama niya kahit na masakit dito. Nais nitong masiguro na may magandang kinabukasan na naghihintay sa kanya. Subalit nag-iwan naman ito ng pangako na muli siyang kukunin kapag mayroon na itong matatag na kabuhayan.

Pagkaraan ng maraming taon ay nagbunga ang mga pagsisikap nito; naging maunlad at matagumpay itong negosyante. Naging kasosyo ito sa *Castillo & Arguelles Realty Development Corporation*. Ang business partner niya ay ang kilalang negosyante na si Don Augusto Castillo.

At masayang-masaya si Lindsay para sa ama. Kahit naman magkalayo sila ay hindi naputol ang kanilang komunikasyon. Nagtatawagan at nagsusulatan sila kaya alam nila kung ano ang nangyayari sa buhay ng isa't isa.

Sa pagdaan ng mga taon ay naglubag din ang loob ng kanyang lolo at lola. Napatunayan ng mga ito na nagkamali sila sa paghusga sa ama niya. Noon pa talaga niya balak umuwi para makapiling ang ama subalit ito na rin ang may ayaw. Nais nitong tapusin muna niya ang pag-aaral bago siya bumalik. At kahit nasasabik ay sinunod na lang niya ito.

Tatlong buwan bago ang nakatakda niyang pag-uwi nang masawi ang kanyang papa sa isang car accident. Nalaman lang

*Kapag Tunay Kang Umibig - Joanna Sandoval*

---

niya ito shortly before she was set to leave for home. Lasing daw nagmaneho ang ama niya at bumangga ang sinasakyan nito sa isang cement truck. Ang trahedyang ito ay ibinunton niya sa mga Castillo. Buo ang paniniwala niyang malaki ang kinalaman ng mga ito sa pangit na disposisyon ng ama na nagdala rito sa kasawian.

---

“Lindsay, Hija, patawarin mo kami ng lolo mo kung nagawa naming ilihim sa iyo ang pagkamatay ng papa mo,” simula ng lola niya nang makauwi na sila sa bahay na nabili at tinirhan ng kanyang papa noong nabubuhay pa ito.

“Oo nga, Apo. Ginawa lang namin ’yon dahil ayaw naming maapektuhan ang pag-aaral mo, lalo na’t malapit ka nang magtapos noon,” segunda ng kanyang lolo.

Pilit siyang ngumiti sa mga ito. “I understand. Alam kong mabuti ang layunin n’yo kaya ninyo nagawang maglihim sa akin.”

“Ngayong patay na ang iyong papa, ano ang plano mo?” tanong ng lolo niya.

Umiling siya. “As of now, wala pa ho. Magulo pa ang isip ko.”

“This house, hindi ba’t nakasanla ito sa bangko? Nagbigay na sa iyo ng notice ang bangko na kapag hindi mo ito natubos sa loob ng dalawang buwan ay maiilit na ito,” paalala nito.

“Opo pero sa ngayon ay hindi ko muna pinoproblema iyan.

May kaunti naman akong savings at—”

“At kung kulang ay alam mo naman siguro na bibigyan ka namin ng pera para matubos ito,” agaw ng kanyang lola.

“Thank you, Lola. Ayoko ho talagang mawala pa sa akin ito dahil ito ang tanging alaala sa akin ng Papa.”

“Kaya lang ay marami kang kailangang ipaayos dito,” puna ng lolo niya.

Tumango siya. “Magpapahinga na ho muna ako sa silid ko,” pagkuwa’y magalang niyang paalam.

“Yes. You really need to rest, Hija,” tugon ng lola niya.

Humalik muna siya sa mga ito bago nagtungo sa silid.

---

Habang nasa silid ay nag-iisip pa rin si Lindsay. Hindi siya kaagad makatulog. Sumasaglit sa isipan niya ang alaala nilang mag-ama noong nabubuhay pa ito at magkakasama pa sila ng kanyang mama.

Mabait na tao ang ama niya. Malaki ang respeto niya rito, at alam niyang mahal na mahal nito ang asawa.

Kinuha niya ang larawan ng mga magulang sa kanyang wallet at pinagmasdan ang mga ito.

Marami ang nagsasabi na nagmana raw siya sa kanyang

mama, sa kaanyuan at maging sa ilang pag-uugali. Sa papa naman niya ay nakuha ang pagiging matangkad.

Sumagi rin sa isip niya ang mga Castillo. Namumuhi siya sa mga ito. Sila ang dahilan ng pagkamatay ng kanyang papa. Pag-iisipan niyang mabuti ang mga hakbang na gagawin para sa nalalapit na pakikipagtuos sa mga ito. Hindi niya muna sinabi ang mga bagay na ito sa kanyang lolo at lola dahil gusto niyang makatiyak sa mga hakbang na gagawin.

Nalaman niya na ang anak na pala ni Don Augusto ang namamahala sa kompanya mula nang mamatay sa atake ng puso ang ama nito. Magtutuos sila ng lalaking iyon!

---

“Ano’ng ibig mong sabihin na hindi ka makakasama sa amin ng lola mo sa pagbabalik sa L.A.?” gulat na tanong ng lolo niya habang naghahapunan sila.

“I’m sorry, Lolo, pero buo na ang pasya ko,” sabi ni Lindsay.

“Pero bakit? Ano’ng gagawin mo dito samantalang wala na ang iyong ama?” tanong ng kanyang lola.

“Tama ang lola mo, mag-iisa ka dito. Sino’ng titingin sa ’yo? Alam mo namang hindi kami puwedeng magtagal dito dahil may negosyo tayo sa L.A.,” segunda ng lolo niya.

“Alam ko ho iyon. Kaya nga ho hindi ko hinihiling na dumito rin kayo at samahan ako,” aniya.

“Ano ba talaga ang balak mo?” tanong muli ng matandang lalaki.

Hindi siya kaagad nakasagot. “May gusto ho akong malaman, at kung aalis ako’t sasama sa inyo ay hindi ko ’yon magagawa,” pagkuwa’y tugon niya.

“Ano ang gusto mong malaman?” tanong ng lola niya.

“Ang tungkol sa tunay na dahilan ng pagkamatay ni Papa.”

Nagtaka ang dalawang matanda.

“Pero ano’ng ibig mong sabihin na tunay na dahilan ng kanyang pagkamatay? Naaksidente ang iyong papa at iyon ang ikinasawi niya.”

“Alam ko ho iyon, Lolo,” pagpapaliwanag niya. “Pero ang gusto kong malaman ay bakit lasing na lasing siya nang mga oras na ’yon. Alam ho naman natin na hindi lasenggo ang papa ko. At malakas ang kutob ko na ang mga Castillo ang may kagagawan niyon.”

“Castillo? Ang kasosyo ng papa mo?” tanong ng matandang babae.

“Dating kasosyo, Lola. Ngayon ay sila na ang solong mayari ng kompanya. At ’yon ang kailangan kong mapatunayan—na niloko nila at dinaya ang Papa. At ’yon ang dahilan ng kanyang paglalasing... at dahilan ng kanyang pagkamatay.”

“Mabigat ang paratang mo, Hija. What makes you think na niloko nga ng kasosyo niya ang papa mo?” tanong ng kanyang lolo.

“Ang mga huling sulat sa akin ni Papa; madalas niyang mabanggit doon ang hinala niya na niloloko siya at minamanipulate ng kanyang kasosyo para mapunta dito ang solong pag-aari ng kompanya. At ngayon ay nangyari nga.”

“At iyon ang ginawa mong basis sa conclusion mo? Mahirap patunayan ang sinasabi mong iyan,” komento ng lolo niya.

“Kaya nga kailangan ko pang manatili dito. I need to find a concrete evidence na magpapatunay na dinaya nga nila ang Papa.”

“At paano mo naman magagawa ’yon?”

“Sa ngayon ay hindi ko pa ho alam, Lola. But one thing is for sure, makakahanap rin ako ng ebidensya.”

“What you’re planning to do is dangerous, Hija.”

“Don’t worry, Lolo. Hindi naman ako magpapadalus-dalos. Pag-aaralan ko ang mga hakbang na isasagawa ko. I know it will not be easy but I will do my best to get even with them.”

“Bakit hindi mo na lang kalimutan ang balak mong ’yan at sumama ka na lang sa amin?”

“Tama ang lola mo, tutal hindi naman talaga sigurado kung talagang dinaya ang papa mo ng kasosyo niya. Hinala mo

lang 'yon. Better forget the whole thing, Hija,” segunda naman ng matandang lalaki.

“I can’t. Hindi ako matatahimik hangga’t hindi ko nalalaman ang katotohanan,” matigas niyang pahayag.

Nagtinginan ang dalawang matanda. Alam nilang talagang desidido siya.

“Ikaw na nga bahala,” nasabi ng lolo niya. “We just hope that you know what you’re doing.”

“Don’t worry, Lolo. I can look after myself. Kilala ninyo naman ako. Besides, kanino pa ba ako magmamana ng katapangan at katalinuhan kundi sa inyo,” pagbibigay assurance niya sa mga ito.

Napatawa na lang ang matatanda sa kanya.

“At isa pa, in case na talagang inosente ang mga Castillo, walang dahilan para ma-threaten sila,” dugtong niya.

Wala nang nasabi pa ang lolo at lola niya. After three days ay nagpasya nang umuwi sa States ang mga ito.